**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
**LALAWIGAN NG LAGUNA**
**BAYAN NG LUMBAN**
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-25 NG SETYEMBRE, 2017 SA GANAP NA IKA-8:43 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO**:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. JOHNDELL A. SAMONTE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. MARIA AURELIA E. QUIJANO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROMELIO E. LADUB | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL G. TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. PEDRO S. ABE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. RUBEN R. DELOS REYES | --------------- | Pangulo-LnB |

## KAPASIYAHAN BLG. 74 T. 2017

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGAGAWAD NG PAGKILALA SA LABING APAT NA BARANGAY NG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA LUMAHOK SA BARANGAY TRADE FAIR BOOTH COMPETITION BILANG SUPORTA AT PAKIKIISA SA PAGDIRIWANG NG IKA-16 NA BURDANG LUMBAN FESTIVAL AT IKA-439 ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG SA BAYAN NG LUMBAN.**

**Akda ni KGG. IRENEO R. BALDOVINO**

**SAPAGKAT**, ang mga Barangay ng Lumban, Laguna na kinatawanan ng bawat Punong Barangay ay dagling tumugon sa panawagan ng Pamahalaang Bayan na makiisa sa pagdiriwang ng ika-16 na Burdang Lumban Festival at ika-439 selebrasyon ng anibersaryo ng pagkakatatag sa Bayan ng Lumban sa pamamagitan ng pakikilahok sa Barangay Trade Fair Booth Competition na may temang, "Munting Dampa ng Sining, Larawan ng Barangay Namin";

**SAPAGKAT**, kanilang ipinahayag ang kanilang taos pusong pakikiisa sa idinaos na Burdang Lumban Festival at ipinakita ng buong husay ang mga temang paksa ng kanikanilang mga booth gaya ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Primera Pulo | - | Musikong Lumbeño |
| Concepcion | - | Pistang Imaculada |
| Bagong Silang | - | Yunot |
| Segunda Parang | - | Komedya (Moro-moro) |
| Wawa | - | Laguna Copper Plate |
| Balimbingan | - | San Roque |
| Salac | - | Lawa at Kailugan |
| Balubad | - | Pagpapanday |
| Segunda Pulo | - | Barong Tagalog at Saya |
| Maytalang II | - | San Isidro at Pagsasaka |
| Maytalang I | - | Kakaning Lumbeño |
| Maracta | - | Kesong Puti at Espasol |
| Lewin | - | Tourist Souvenirs |
| Caliraya | - | Turismo at Agrikultura |
| Santo Niño | - | Kasaysayan ng Lumban |
| Primera Parang | - | Pistang Bayan |

**SAPAGKAT**, ang labing apat (14) na mga Barangay ng Lumban ay dagling nakatugon at nakapaghanda ng kanikanilang trade fair booth na pinagbuhusan ng mga ideya, panahon, tiyaga, husay

at pondo upang maging maganda at kaaya-aya ang mga inihandang kubol para sa mga mamamayan ng Lumban at mga panauhin na mula pa sa iba't ibang panig ng lalawigan;

**SAPAGKAT**, ang pakikibahagi ng mga Barangay sa naturang patimpalak ay isang malaking bahagi upang maging matagumpay ang ika-16 na Burdang Lumban Festival.

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **Kgg. Ireneo R. Baldovino** na pinangalawahan ni **Kgg. Ruben R. de los Reyes Sr.** at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay **IPINAPASIYA NA**, pagtibayin ang Kapasiyahang pinagtitibay ang paggawad ng pagkilala sa labing apat (14) na barangay ng Bayan ng Lumban, Lalawigan ng Laguna na lumahok sa Barangay Trade Fair Booth Competition bilang suporta at pakikiisa sa pagdiriwang ng ika-16 na Burdang Lumban Festival at ika-439 anibersaryo ng pagkakatatag sa Bayan ng Lumban;

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang mga Barangay Balimbingan, Balubad, Bagong Silang, Caliraya, Concepcion, Lewin, Maracta, Primera Parang , Primera Pulo, Segunda Parang, Segunda Pulo, Salac, Sto. Niño at Wawa para sa kanilang kabatiran;

**KARAGDAGANG PA RIN NA IPINASIYA NA**, gawaran ng Sertipiko ng Pagkilala ang mga nabanggit na barangay sa natatanging okasyon o sa regular na seremonya ng pagtatas ng watawat ng mga kawani at opisyales ng Pamahalaang Bayan ng Lumban, Laguna.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-25 ng Setyembre, 2017.

**BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO ANG KAWASTUAN AT KATUMPAKAN NG KAPASIYAHANG ITO.**

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo:

**BELEN B. RAGA**
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon

Pinagtibay:

**ROLANDO G. UBATAY**
Punumbayan

*xcrpt92517res74*